

# Phebe Carter

PAGLALARAWAN NI PATRICIA CASTELAO

Nabuhay noong 1807–1885.

Naghanap-buhay sa pamamagitan ng pananahi at pagtuturo sa paaralan.

Ikinasal kay Wilford Woodruff.

Sa kanyang mid-twenties, nabinyagan si Phebe Carter at iniwan ang kanyang pamilya para makasama ang mga Banal. Minsan ay nagkasakit siya at parang mamamatay na. Sa isang pangitain, sinabi sa kanya ng dalawang anghel na maaari niyang piliing pumunta sa daigdig ng mga espiritu o manatili. Pinili niyang manatili at muling nagbangon matapos siyang bigyan ng priesthood blessing ng kanyang asawa. Siya ay nagmisyon sa edad na 37 anyos.